# Bayan ng mga Bangkay

**Chuckberry J. Pascual**

TAKOT NA TAKOT ang kasintahan niyang si Teddy nang malaman nitong may tumutubong tumor sa kaliwang panga. Mas gusto pa nitong hintayin na lang ang unti-unting pagkabulok ng panga, kaysa pumunta sa ospital. "Mamamatay rin naman ako, di ba? Mas mabuti nang dito, sa harapan mo. Ikaw na lang ang pumatay sa akin. Barilin mo agad ako sa ulo, saka mo ako ilibing kung saan. O kaya sunugin mo na lang ako, itapon kung saan. Basta ayoko do'n, hindi ko alam kung ano ang gagawin nila sa akin doon," sabi nito kay Gabriel.

Nauunawaan naman ni Gabriel ang kasintahan. Marami na ang umiiwas sa mga ospital dahil dito na lamang makakatagpo ng maraming bangkay. Ang mga ospital na ang inatasan ng gobyerno na mamahala sa pagtitipon at paglalagak ng mga bangkay. Wala nang silbi ang mga punerarya at sementeryo, dahil ipinagbabawal na ang mga burol, lamay, at libing. Basta dapat dalhin at isuko sa ospital ang lahat ng bangkay, nawalan man ito ng buhay sa bahay o sa loob ng ospital mismo. Dahil sa sandaling mawalan ng buhay ang isang tao, ang estado na ang bahala sa bangkay nito. Ang kapangyarihan na lang ng pamilya ay sabihin sa ospital kung ibibigay ba ang bangkay sa DSWD para sa rehabilitasyon o kung ilalagak na ito sa kulungan.

Ikinukulong kaagad ang mga bangkay, dahil halos isang dekada na rin mula nang magkaroon ng epidemya ng pagka-zombie sa Pilipinas. Anim na oras lang ang



likhaan 13 inside pages 102419.indd 125 10/25/2019 2:07:12 PM

pinakamatagal na mananatiling bangkay ang kahit na aling bangkay. Pagkatapos nito, mabubuhay na ulit ang bangkay, at magiging zombie. Tatlong klaseng zombie ang posibleng kahihinatnan nito: puwede itong maging zombie na kumakain ng tao (utak ang pinakamadalas kainin ng iba), puwede ring iyong zombie na gulay, halaman, at puno lang ang kinakain, o kaya naman, zombie na tila asetiko, hindi talaga kumakain ng kahit ano, palisaw-lisaw lang, hindi namamansin, parang pisikal na manipestasyon ng mga kaluluwang lagalag.

Ang mga killer zombie ang pinupuksa ng gobyerno, kaya mahigpit ang pagpapatupad ng batas para sa mga namamatay sa ospital. Kailangang ikulong kaagad ang bangkay—kesehodang magiging vegetarian zombie o asetikong zombie—para maiwasan ang posibilidad na may mapatay ito. May kumalat na tsismis na pinapatay rin agad ng gobyerno ang mga nakakulong na zombie—paano nagkakasya ang lahat ng ito sa mga karsel sa buong Pilipinas? Makikipag-agawan pa sila ng espasyo sa mga buhay na kriminal—pero wala namang nakakapagpatunay na nangyayari nga ito, at wala rin namang nagsasampa ng pormal na reklamo. May isang journalist na naglakas-loob na magsulat ng exposé tungkol rito, pero wala pang isang linggo, naglaho na ito. Nakita raw ang journalist na palisaw-lisaw sa Quezon City, naging isang vegetarian zombie na nanginginain sa mga halaman ng isang network doon. Pero wala namang lumitaw na aktuwal na ebidensiya. Marami naman talagang vegetarian zombie na nanginginain sa hardin ng network. At regular ding dinadalaw ng TFZ ang network para pasabugin ang bungo ng mga vegetarian zombie na nagkamaling doon manginain.

Ang mga killer zombie rin ang dahilan kung bakit binuo ang Task Force Zombie o TFZ, isang grupo ng mga pulis na ang tanging trabaho ay pumatay ng mga zombie na kumakain ng tao. Mayroon pa rin kasing mga namamatay sa labas ng ospital na wala nang nakakapag-asikaso—halimbawa, iyong mga naaaksidente at mga napapatay na hindi kaagad napupuntahan ng mga kamag-anak, mga binabangungot at mag-isa lang namumuhay—at ang TFZ ang nagdidispatsa sa mga ito. Kasama rin sa trabaho ng TFZ ang pagtugis sa mga itinakas na bangkay. Mayroon kasing mga kaso na hindi pala kaya ng pamilya na isuko ang bangkay sa kulungan o DSWD, kaya itinatakas ang bangkay ng mahal sa buhay mula sa ospital. Mabigat ang parusa sa mga taong nagtatakas ng bangkay mula sa ospital: shoot to kill. Galit ang gobyerno sa mga ganitong kaso, dahil sa halip na isang zombie lang ang dumagdag sa populasyon, nagiging dalawa pa, at kung hindi maagapan, mas marami pa. Marami-rami na rin ang pangyayaring naging killer zombie ang itinakas na bangkay, at pinatay ang mismong nagtakas sa kanya. May isang kaso na matapos maging killer zombie ang itinakas na bangkay, hindi nito nagawang kainin ang utak ng nagtakas. Pero nasagpang naman ang braso ng nagligtas, kaya naging zombie rin ito . . . na nagkataong pumapatay rin. Mahigit sampung tao rin



likhaan 13 inside pages 102419.indd 126 10/25/2019 2:07:12 PM

ang nakagat ng dalawang killer zombies, at nahirapan din ang TFZ na patayin kaagad ang mga ito. Ilang linggo pagkatapos nito, may kumalat na isang video ng pagpatay ng TFZ sa isang babaeng itinakas ang bangkay ng kanyang ina. Mayroong getaway car ang babae, pero inabutan din ng mga pulis. Pinosasan ito, pinaluhod, at saka pilit na ipinanood ang pagbaril sa ulo ng bangkay ng kanyang ina. Pagkatapos, binaril rin agad sa ulo ang babae. Wala nang pagkakataong maging zombie ang alinman sa dalawa.

Ang sabi-sabi, ang TFZ mismo ang nagpakalat ng video na iyon para magsilbing panakot sa mga taong nagbabalak na magtakas ng bangkay sa mga ospital. Ganito rin ang sasapitin ng mga tao na sadyang hindi dinadala ang bangkay sa ospital sa loob ng anim na oras, iyong mga nagtatangkang mag-alaga na lang ng zombie sa bahay. Binabaril sa ulo, hindi lang ang itinatagong zombie, kundi ang lahat ng taong nasa loob ng bahay na iyon sa sandali ng pagpunta ng TFZ—nakatira man doon o napadalaw lang, kapamilya man o bisita o kapitbahay o kahit pa simpleng delivery boy na nagkataong pinapasok sandali. Basta natiyempuhan sa raid, babarilin sa ulo.

Ang mga bangkay na ibinibigay naman sa pangangalaga ng DSWD ay sumasailalim sa ZARAPP o Zombie Amnesty, Rehabilitation, and Pacification Program. Sa ilalim ng programang ito, kapalit ng donasyon sa DSWD, sa halip na sa kulungan ang diretso ng bangkay, ilalagak ang bangkay sa isang isla sa Visayas. Inilalagay sa islang iyon ang mga zombie, anumang klaseng zombie ang kahihinatnan—kumakain ng tao, mga halaman, o asetiko. Ayaw ibunyag ng DSWD kung saan ang eksaktong lokasyon ng misteryosong isla ng mga zombie. May mga naghihinalang wala itong katotohanan. Na walang ipinagkaiba ang ZARAPP sa pagkulong at pagbaril sa ulo sa mga zombie.

Mayroong mga tumututol sa ganitong pagtrato sa mga zombie. May mangilan-ngilang zombie rights groups na nabuo, at kinukuwestiyon ang pag-iral ng TFZ at ZARAPP. Etikal ang kanilang isyu: bakit pinapaslang na lang nang gayon ang mga zombie? Hindi ba't hangga't may buhay sila, mamamayan pa rin sila ng Pilipinas, at ang lahat ng karapatan ng mga buhay ay dapat rin nilang matamo? Nasaan ang amnesty, rehabilitation, at pacification, kung simpleng pagpaslang lang din pala ang ginagawa ng DSWD? Sa pagbanggit ng mga isyung ito, siyempre, umalingawngaw rin sa moralidad: anong klaseng lipunan ang gusto ng isang gobyerno na pumapayag sa hayagang pagpaslang? Kailan at paano natatapos ang pahintulot sa pagpaslang sa kapwa?

Marami ring nagalit na mga may-ari ng punerarya at columbarium. Bakit hindi na lang i-cremate kaagad ang mga bangkay? May mga nagsasabing puwede ring patayin ang mga zombie sa pamamagitan ng pagtupok, pero wala namang makaamin nang tahasan, dahil mangangahulugan ito na nagtago sila ng zombie sa bahay at pinag-eksperimentuhan ang bangkay, at may parusa ito ng kamatayan. Pero sa panahon kung kailan nag-iba na ang kahulugan ng "overpopulation" at "mortality



likhaan 13 inside pages 102419.indd 127 10/25/2019 2:07:12 PM

rate" (Kasama ba sa pagbilang ng populasyon ang mga zombie? Paano masusukat ang mortality rate kung nabubuhay rin pala ang mga bangkay anim na oras pagkatapos ng kamatayan?), "extrajudicial killings" (pinakakontrobersiyal ito sa lahat, dahil wala namang malinaw na probisyon sa batas tungkol sa pagpatay sa mga bangkay, lalo na kung ang dahilan ay pumapatay ng iba ang bangkay) at ng "human rights" mismo (Bangkay na nga ang mga zombie, pero hindi ba't mga bangkay sila ng tao?), ang naging tugon lang ng gobyerno ay pagdedeklara ng Martial Law.

Sa ilalim ng Martial Law, ang sinumang kumontra sa paraan ng pagdidispatsa ng gobyerno sa mga zombie ay magiging zombie nang wala sa oras, at didispatsahin agad ng TFZ, kung hindi man ipapasok sa ZARAPP. Ngunit para maipakita na nakikinig pa rin ang gobyerno sa taumbayan, at hindi talaga ito authoritarian, sandamakmak na hearings ang isinasagawa ng Blue Ribbon Committee. Naka-broadcast ang lahat ng hearings, 24/7 sa lahat ng channel sa telebisyon. Nagshi-shifting ang mga senador, ang mga saksi, mga abugado, mga clerk, at iba pang may kinalaman sa mga hearing para maituloy ang hearing kahit natutulog pa ang Diyos.

Tinutukan ng publiko ang hearings sa umpisa, pero pagkaraan ng ilang linggo, nanawa na rin ang mga tao, at hinanap ang nakasanayan nilang mga telenovela, talkshow, at variety show. Nang umabot ng tatlong buwan na ito lang ang palabas sa telebisyon, nag-rally na ang mga tao sa Luneta para itigil ang Blue Ribbon Committee hearings tungkol sa mga zombie. Itinigil naman agad-agad ang hearings, ibinalik ang mga telenovela, talkshow, at variety show, nag-anunsiyo ng kalahating taong recess ang Senado, dahil lubhang napagod raw ang mga senador dahil sa pagtatrabaho na parang mga manggagawa, at nagpatuloy ang operasyon ng ZARAPP at TFZ, at ang malawakang pagpatay sa mga zombie sa buong bansa.

Isang dekada na ang pagkalat ng zombie virus, pero wala pa ring nakasisiguro kung ano ang dahilan nito. May mga nagsasabing bunga lamang ito ng pumalpak na biological warfare ng Tsina. Kinalat daw ng Tsina ang virus para mayanig ang gobyerno ng Pilipinas, at maipakita sa buong mundo na wala itong kapasidad na magpatakbo ng bansa. Pero matapos namang lumaganap ang mga zombie, wala nang ginawa ang Tsina. Ang sabi ng mga political expert, hindi inasahan ng Tsina ang mabilis na pagkalat ng virus, at nang matuklasan nilang masyadong magastos ang pagsugpo sa mga zombie, basta-basta na lang umurong.

(Ang totoo, nagpasiklab naman ang mga Tsino nang ilang buwan, nagpadala ang mga ito ng mga rescue team. Pero sa kung anong dahilan, nagkaisa ang mga Pilipino at zombie noong panahong iyon, at hindi nila nagustuhan ang pakikialam ng Tsina. Mukhang maraming Pilipino ang naniwalang mga Tsino nga ang nagpadala ng virus sa bansa. Kaya sa halip na tumulong sa pagpuksa ng mga zombie, hinayaan lang nila



likhaan 13 inside pages 102419.indd 128 10/25/2019 2:07:12 PM

ang mga zombie na atakehin ang mga Tsinong sundalo, doktor, at mga volunteer.

Ang kataka-taka, sumama sa pag-atake maging ang mga zombie na gulay lang ang kinakain, at maging iyong mga asetiko, at kasama ng mga killer zombie, nilamon nilang lahat ang mga dayuhan. Wala ni isang Pilipinong sinaktan ang mga zombie noon—kahit iyong mga taga-Binondo; tila alam ng mga zombie kung ano ang lahi ng kanilang papatayin—at pansamantalang minahal ng publiko at maging ng gobyerno ang mga buhay na bangkay. Nakatulong rin ang pagkalat ng tsismis na hindi lang pagpapabaya ang ginawa ng TFZ, kundi aktibong tinulungan pa ng mga ito ang mga zombie sa pagpatay sa mga Tsino.

Nagkaroon ng kampanya sa social media na ideklarang "bagong bayani" ang mga ito, at may ilang mga epal na senador at congressman na nakisakay, kesyo magpa-file raw ng bill para sa kapakanan ng mga zombie, na dapat daw ay magkaroon ng partylist ang mga ito, pero agad ding namatay ang suporta sa naturang kampanya nang may kumalat na CCTV footage ng isang grupo ng killer zombies na umatake sa Fabella, at kumain ng dalawampung sanggol.)

Dahil inabandona ng Tsina, at ni hindi na pinapansin ng Amerika, napadalas ang pagbibiro ng mga dayuhang komentarista tungkol sa "death of democracy" sa Pilipinas, hanggang sa nakaugalian nang tagurian ng international media ang Pilipinas bilang "zombie state." Hindi lamang daw bigo ang gobyerno na patakbuhin ang bansa, tulad sa isang failed state. Pinatay na ng gobyerno ang mismong bansa.

Ito ang ikinakatakot ni Teddy. Bago pa man ang zombie outbreak, tumigil na ito sa pagboto dahil nawalan na ng tiwala sa gobyerno. Hangga't maaari, ayaw isuko ni Teddy sa gobyernong mamamatay-tao at mamamatay-bangkay ang magiging kapalaran bilang zombie.

"Mahal, hindi ka naman agad mamamatay sa ospital," sagot ni Gabriel. Hindi rin siya lubos na naniniwala sa sinabi, pero umaasa siyang makukumbinsi si Teddy, kung hindi man ang sarili pagkatapos bigkasin ang mga salita. "Nanggagamot sila do'n, di ba? Hindi sila pumapatay. Ano ka ba."

"Pero paano nga kung mamatay ako do'n? Mas gusto mo bang sila ang bumaril sa akin?"

"Bakit ba puro patay-patay ang iniisip mo?" inis na sagot ni Gabriel. "Sinabi ko na sa iyo, unahin muna natin na pagalingin ka, saka na natin isipin—"

"Paano namang hindi ko maiisip 'yan, e napapalibutan na nga tayo ng mga bangkay!" tumaas nang bahagya ang boses ni Teddy.

Natahimik si Gabriel. Pagkaraan ng ilang sandali, saka siya muling nagsalita. "Sige, mahal. Ganito. Naniniwala akong gagaling ka—"

"Ang kulit mo naman, e—"



likhaan 13 inside pages 102419.indd 129 10/25/2019 2:07:12 PM

"—pero kung sakaling mamatay ka nga sa ospital, sa kung anumang dahilan," nilakasan ni Gabriel ang boses para hindi na muling makasingit ang kasintahan, "ako mismo ang magtatakas sa iyo sa ospital."

"Kung nandito tayo sa bahay, hindi mo na kailangang tumakas sa mga pulis," sagot ni Teddy. "Ano ba'ng akala mo, kapag naitakas mo ako, tapos na? Hahabulin ka pa rin ng mga iyon. Baka nakalimutan mo na kung ano ang nangyari kay Shiela?"

Napalunok si Gabriel nang mabanggit si Shiela: kaibigan ito ng kaibigan nilang lesbiyana, at lagi nilang binabanggit ang pangalan nito sa tuwing mayroon silang naiisip na may kinalaman sa paglabag ng batas tungkol sa mga zombie. Itinakas rin kasi ni Shiela ang bangkay ng kasintahan nitong si Miranda, at inilibing ito nang may angkop na ritwal. Tinugis siya ng TFZ, pero sa loob ng dalawang taon, nagtagumpay si Shiela na iwasan ang mga pulis. Pero isang araw, natunton pa rin siya ng mga awtoridad. (Wala ibang maisip na dahilan sina Teddy at Gabriel kundi ang pagsusumbong ng kung sinong makating dila, na nakakilala kay Shiela—nagkalat ang mukha niya at ang mukha ng iba pang mga nagtakas ng bangkay sa mga flyer, sa mga electronic billboard, sa mga electronic ads sa mga istasyon ng tren—at malamang sa malamang ay isa sa mga Pilipinong anti-zombie at pro-TFZ.) At kahit hindi naging zombie si Miranda—binaril ni Shiela ang bungo ng kasintahan bago pa lumabas ng ospital—pinatay pa rin si Shiela ng TFZ.

Kumalat ang balita sa media, kuntodo may larawan pa ng bangkay ni Shiela na sabog ang bungo, nakakalat ang utak sa sahig at dingding, at ang naging pahayag lang ng TFZ: masamang mamamayan at panganib sa lipunan ang mga taong nagtatakas ng bangkay, maaari nitong sulsulan ang mga kakilala at maaaring magsilbing inspirasyon sa mga lihim na nagbabalak na magtakas rin ng bangkay, at siguradong magdudulot ito ng malawakang pagtakas sa mga bangkay, at lalo lamang mahihirapan ang gobyernong pigilan ang pagdami ng mga zombie sa bansa.

"Hindi ko nakakalimutan," tugon ni Gabriel, kahit na biglang kumabog ang dibdib. "Mas mahalaga sa akin na subukan muna kung maililigtas ka ng operasyon."

"Pero paano nga kung mamatay ako, mahal?" bumaba na ang boses ni Teddy. Nangislap na rin ang mga mata nito.

"Itatakas kita. Kahit pa barilin nila ako sa ulo," sagot ni Gabriel.

Napahinuhod rin naman si Teddy. Pero mahigpit ang bilin nito na huwag nang ipaalam pa sa pamilya ang pagpunta sa ospital. Ayaw ni Teddy na mag-alala pa ang mga magulang at kapatid, kahit pa matagal na rin namang itong napalayo. Walang hayagang pagtutol ang pamilya sa pagsasama nilang dalawa, pero malinaw na hindi boto ang mga ito kay Gabriel. Anti-zombie kasi ang pamilya ni Teddy, at lantad ang pagiging kritikal

ni Gabriel sa programa ng gobyerno tungkol sa mga zombie. Naniniwala siyang may karapatan pa rin ang mga ito, at hindi dapat pinapatay na parang mga peste lamang. Galit rin si Gabriel sa mga killer zombie, pero kung siya ang masusunod, dapat ituring ang mga ito nang walang ipinagkaiba sa mga buhay na pumapatay ng kapwa tao, ipataw rin dapat sa mga ito ang parehong batas tulad sa mga nabubuhay. Tinututulan niya ang pagpatay sa mga zombie dahil lamang sa pagiging zombie, lalo na at nariyan nga ang mga vegetarian at asetikong zombie, na wala namang pinipinsala.

"So, ano'ng sinasabi mo, iho? Na mas mabuting mapuno ng mga buhay na bangkay ang bayan natin?" tanong sa kanya minsan ni Mang Edwin, ang ama ni Teddy. Nasa isang restaurant sila noon. Birthday ng matandang lalaki, at isinama siya ni Teddy sa pagdiriwang ng buong pamilya.

"Well, hindi naman po sa ganoon. Puwede naman po nating tingnan iyan sa—"

"E kung hindi naman pala, bakit ayaw mong patayin ang mga zombie?" sagot ni Mang Edwin.

"Paano ho 'yung mga vegetarian, yung mga hindi naman nananakit—"

"Aaah. Marami na ngang walang trabaho sa bansa, gusto mo pang dadagdagan ng mga bangkay na 'yan? Ano ba ang mapapala natin sa kanila?"

"Hindi ho ba magiging zombie rin kayo?" tanong ni Gabriel. "Kapag ho ba naging zombie kayo, ayos lang sa inyong pasabugin ang bungo ninyo nang ganoon na lang?"

Ilang beses nang naikuwento sa kanya ni Teddy kung paano magalit ang ama—halos lumuwa ang mga mata nito kapag kinokontra, hindi makapaniwala na may mga taong may sariling opinyon—pero ngayon lang niya napatunayan na hindi lang nag-iimbento ang kasintahan. Gustong bawiin ni Gabriel ang sinabi, gusto pa rin naman niyang makasundo ang pamilya ni Teddy kahit paano, kahit makikitid ang utak ng mga ito, dahil pamilya pa rin ito ng taong mahal niya, pero huli na.

Tumayo si Mang Edwin, sinalya ang upuan, at saka umalis ng restaurant. Sinundan ito ng asawa, at ng mga kapatid ni Teddy. Naiwan silang magkasintahan sa mesa. Pinagtitinginan na sila ng iba pang kostumer. Hindi maalis-alis ni Gabriel ang tingin sa sariling plato. Higit kaysa kahihiyan dahil sa pag-eksena ni Mang Edwin, natatakot siyang harapin ang kasintahan, at baka makipaghiwalay ito sa kanya noon din. Lalo na at ilang beses naman itong nagbabala na huwag na huwag papatulan ang ama kapag binanggit na nito ang mga zombie. Pero sa halip na pagalit, may narinig siyang impit mula kay Teddy. Nilingon niya ang kasintahan, at nang magtama ang kanilang mga mata, kapwa na sila bumigay, at nagsalo sa pagtawa.

Mula noon, hindi na siya inimbita ng pamilya ni Teddy sa kahit anong okasyon. Ilang buwan pagkatapos ng nangyari, iniimbita pa rin ng mga magulang si Teddy, pero ang laging sagot nito, pupunta lang kung kasama si Gabriel. Ang totoo, taliwas rin



likhaan 13 inside pages 102419.indd 131 10/25/2019 2:07:13 PM

ang paninindigan ni Teddy sa kanyang pamilya tungkol sa pagtrato ng gobyerno sa mga zombie, at maraming beses na rin itong nakipagtalo kay Mang Edwin. May mga pagkakataon pa na pinagtutulungan siya ng buong pamilya. Sumasali ang nanay at mga kapatid ni Teddy sa argumento, at walang nagagawa si Teddy kundi tumahimik, dahil kung hindi, walang katapusan ang magiging diskusyon. Dahil dito, unti-unting napalayo ang loob ni Teddy sa pamilya, hanggang sa nangyari nga ang pagtatalo nina Gabriel at Mang Edwin sa restaurant, at tuluyan nang napatid ang relasyon ng kanyang kasintahan sa pamilya. Paminsan-minsan, inaatake ng konsensiya si Gabriel. Humihingi siya ng paumanhin kay Teddy, at inuudyok ito na tawagan ang mga magulang, ayain ang mga itong lumabas tulad ng dati. Pero ang sinasabi lang ni Teddy, kahit hindi nangyari ang insidente sa restaurant, iiwasan na rin naman nito ang pamilya.

Sa kabila ng puspos na pagpapatupad ng gobyerno ng mga programa para puksain ang mga zombie—o dahil mismo sa puspos na pagpapatupad na ito—naging laganap ang oposisyonal na adbokasiya ng mga mamamayan tungkol sa mga buhay na bangkay: tutol sila sa pagpatay sa mga ito, lalo na sa pagpatay sa mga vegetarian at asetikong zombie. Nais nilang tratuhin nang mabuti ng gobyerno ang mga zombie, dahil naniniwala silang may kamalayan pa rin ang mga ito. Maaaring iba na mula sa mga nabubuhay, ngunit hindi nangangahulugang wala nang isip, at hindi na nakakikilala. Madalas nilang banggitin bilang patunay ang pag-atake ng mga zombie sa mga Tsino. Paano nalaman ng mga buhay na bangkay kung sino ang kanilang kakampi at kalahi sa hindi? Kasama rin sa argumento ang pagiging sentimental: kahit ano ang mangyari, nananatiling mahal sa buhay ang mga zombie, at ayaw nilang patayin na lang basta-basta ang kanilang mga kamag-anak, kaibigan, asawa, o kasintahan.

Kabilang sina Gabriel at Teddy sa mga pro-zombie. Kabilang rin sila sa mga nagpapakita ng kanilang pagtutol sa pamamagitan ng pakikibahagi sa green revolution. Sa dami kasi ng namamatay sa araw-araw, lalo na iyong mga bangkay mula sa mga mahihirap na lugar sa siyudad o sa mga liblib na lugar sa mga probinsiya, hindi kaagad nadidispatsa ng TFZ ang mga zombie. Sinasamantala ito ng mga tao, at kahit bawal ang pagtulong sa mga zombie, marami pa rin ang lihim na nagpapakain sa mga vegetarian zombie.

Sandamakmak ang nagtanim ng mga halaman at puno sa kani-kanilang mga hardin, lanai, bakuran, at sa kung saan-saang bahagi ng barangay o lungsod maaaring magtanim. Mainit ang mata ng TFZ sa mga may-ari ng bahay na may mga tanim na halaman at puno, pero wala naman silang magawa dahil puring-puri at ineengganyo pa ngang lalo ng DENR ang mga mamamayan na nakikibahagi sa green revolution.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 132 10/25/2019 2:07:13 PM

Suportado rin ng DOH ang green revolution dahil mas nagiging malinis ang hangin, at bilang epekto, bumubuti ang kalusugan ng mga tao, nababawasan ang mga nagkakaroon ng sakit, at naaantala ang pagdami ng mga bangkay, ang pagdami ng mga zombie.

Mayroon ding mga manggugulay sa mga palengke at grocery na talagang naglalaan ng bahagi ng kanilang paninda para sa mga dumaraang vegetarian zombie. May mangilan-ngilan ding mga flower shop na sadyang nag-iiwan ng bulaklak na maaaring kainin sa labas ng kanilang mga tindahan, tulad ng carnation at marigold. Naging pang-araw-araw na tanawin ang mga zombie na nanginginain sa mga traffic island. (Ang masagwang balintuna, naging regular na tanawin rin ang mga nakahandusay na zombie sa kalsada na kung hindi burado ang mukha, nakasambulat ang utak sa aspalto.)

Mabait din ang mga pro-zombie sa mga asetikong bangkay, dahil wala namang ginagawa ang mga ito maliban sa paglilibot. Nakakasagabal lang ang mga ito sa daloy ng trapiko, dahil walang direksiyon at walang pakundangan kung saan gustong maglakad. May mga asetikong zombie na naglalakad sa gitna ng EDSA, NLEX, at SLEX. May mga nabubundol at nasasagasaan, lalo na kapag anti-zombie ang may hawak ng manibela. Pero kung pro-zombie ang nagmamaneho, hangga't kaya, iniiwasan ang mga ito.

Marami ring relihiyoso ang naging reaksiyon sa zombie outbreak, kaya kasabay ng muling pagkabuhay ng interes sa green revolution, tumaas rin ang bilang ng mga deboto ng iba't ibang relihiyosong grupo. Kanya-kanya sila ng paliwanag kung paano uunawain ang konsepto ng buhay na walang hanggan habang may mga zombie na pakalat-kalat sa kalsada. (Nang makarating sa Roma ang pagiging zombie state ng Pilipinas, ang tanging naging pahayag lang daw ng Papa ay "Who am I to judge"?)

Parusa mula sa langit ang tingin ng mga anti-zombie sa zombie outbreak, kaya madalas, ang mga miyembro ng mga grupong ito ang nagsusumbong sa mga TFZ kapag may nakikitang pakalat-kalat na zombie. Wala silang problema sa walang-habas na pagpaslang sa mga zombie, dahil para sa kanila, pagkatapos mamatay, nagpupunta pa rin ang kaluluwa sa langit o impiyerno, at hungkag na ang mga bangkay. Nabubuhay lamang ang mga zombie dahil espiritu na ng demoyo ang nananahan sa katawan ng mga ito, asetiko man o killer o vegetarian. Kaya hindi lamang makatarungan, kung hindi banal pa nga, ang pagpatay sa mga nagkalat na zombie.

Maliban naman sa pagpapakain sa mga vegetarian zombie, nais ng mga relihiyosong grupong pro-zombie na isangkot ang mga buhay na bangkay sa kanilang mga aktibidad. Kaya may isang grupong nagtangkang magbinyag ng isang zombie. Asetiko ang pinili nila. Pero dahil ang gusto nga ng mga asetikong zombie ay maglakad nang walang tigil, parang mga bangkay na Samuel Bilibet, ikinadena ng mga miyembro ng relihiyosong grupo ang napili nilang zombie. Umuungot-ungot



likhaan 13 inside pages 102419.indd 133 10/25/2019 2:07:13 PM

lang daw ang buhay na bangkay noong simula, pero nang mapagtantong hindi siya papakawalan nang basta-basta, nagwala ito bigla, at sinagpang ang braso ng isang miyembro. May nakapag-video ng pangyayari, at siyempre, kumalat ito sa social media. Wala nang nagtangkang magbinyag sa mga zombie mula noon. Nakuntento na lang ang mga relihiyosong grupong pro-zombie sa pagdarasal at pagtulong sa mga nakakasalamuhang zombie, at ang mga anti-zombie sa walang sawang pagsusumbong sa TFZ.

Hindi niya itinuturing na relihiyoso ang sarili, pero ang buhay pagkatapos ng kamatayan o ang buhay bilang zombie ang dumuduro sa isip ni Gabriel habang naghihintay sa resulta ng operasyon ni Teddy. Makikilala pa kaya siya ng kasintahan kapag naging bangkay na ito? Malalabanan kaya ng pag-ibig ang kamatayan, ang zombie virus? Ano kaya ang magiging buhay nila ni Teddy kapag nagsama sila bilang mga pugante, isang buhay at isang zombie? Makakatulad niya si Shiela, pero siguro naman, mas masaya ang pagtatago dahil patuloy silang magsasama ni Teddy . . .

Kasabay ng sandaling sumulpot ang mga tanong na ito sa isip ni Gabriel, sumulpot rin ang mga kasalungat na ideya. Tigilan na ang pagpapantasya, untag niya sa sarili. Siguradong hindi lang naman siya ang nangarap nang ganito. At hindi rin siya ang unang mabibigo, kung sakali. Pero umaarya pa rin ang pagnanasa niyang subukin ang lahat, na sagarin ang mga pangyayari, para malaman kung hanggang saan aabot ang sitwasyon, at masagot na rin sa wakas ang tanong na halos araw-araw namang iniikutan ng lahat, mula nang kumalat ang zombie virus.

Kaya isinugal ni Gabriel ang lahat ng ipon nila para pambayad sa ospital, kahit anong tigas ng tutol ni Teddy. Isinugal niya ang lahat, kahit batid niya—at paulit-ulit ding sinasabi ni Teddy mismo—na malaki ang posibilidad na hindi gagaling ang kasintahan, na ilang araw na lang ang nalalabi bago ito maging zombie.

Alam itong lahat ni Gabriel, kaya siya nagdesisyon na sa pinakasikat na pampublikong ospital sa Maynila ooperahan si Teddy. Maliban sa relatibong mababang presyo ng operasyon, pinili ni Gabriel ang ospital sa Maynila dahil kilala rin ito sa pagkakaroon ng pinakamaraming kaso ng pagtakas ng bangkay. Malaki kasi ito at hindi nauubusan ng mga pasyente. Kahit na laging may nagpapatrol na TFZ sa paligid, marami pa rin ang nakakatalilis.

Balak niyang itakas si Teddy bago pa ito dalhin sa morge. Sa gitna ng gabi, huhugutin niya ang life support, at ilalabas ito sa ospital. Saka niya aalagaan si Teddy bilang zombie. Kung sakali namang hindi siya magtagumpay sa pagtakas—baka pumalpak siya, baka panghinaan siya ng loob na hugutin ang life support—may



likhaan 13 inside pages 102419.indd 134 10/25/2019 2:07:13 PM

plano na rin si Gabriel. Siya mismo ang papatay kay Teddy. Pero kung paano, saka na niya malalaman. Kailangan niyang makahanap ng paraan nang hindi gumagamit ng baril. Imposible kasing makapagdala siya nito sa loob ng ospital.

Narimarim si Gabriel sa sarili nang maramdaman ang sirit ng lugod sa pagpaplano ng lahat ng ito, at sinurot siya ng matagal nang hinala: pro-zombie siya, hindi lamang dahil may pagmamahal siya sa kapwa, kundi dahil makasarili siya; gusto niyang malaman kung ano ang pakiramdam na makipagrelasyon sa mga zombie; gusto niyang malaman kung may emosyon pa rin ang mga ito bilang mga buhay na bangkay.

Pilit ibinabaon ni Gabriel sa limot ang pagnanasang ito, pero lagi rin itong umaahon, lalo na kapag nag-uusap sila ni Teddy tungkol sa karapatan ng mga zombie. Minsan, naglakas-loob siyang tanungin nang pabiro ang kasintahan kung pareho pala sila ng nararamdaman. Ganoon na lang ang pagkapahiya niya nang hindi maitago ni Teddy ang pandidiri. “Gusto mong mamatay ako, para lang malaman kung mamahalin pa rin kita?” tanong nito.

“Biro lang, ito naman,” bawi niya. Pero lihim niyang ipinagpatuloy ang pag-aalaga sa pantasyang magpapatuloy ang relasyon nila ni Teddy lampas sa kamatayan, hanggang sa pagiging zombie nito. At ngayong nakahantad na ang posibilidad ng pagiging buhay na bangkay ng kasintahan, nandidiri siya sa sarili, dahil hindi mapigil ang lugod na nararamdaman.

Pilit nilalabanan ni Gabriel ang kanyang balikukong pagnanasa, kaya nga napasobra ang pagpapaalala niya sa mga doktor ng bilin ni Teddy bago ang operasyon: kung sakaling magkaroon ng kung anong komplikasyon at kailangang operahan ulit si Teddy, turukan muna ito ng pampatulog. Ayaw na kasing malaman ni Teddy kung ibabalik ito ulit sa operating room—“bubuksan na naman ang katawan ko,” sabi nito—dahil aapulahin lang ng nerbiyos. Ilang beses inulit-ulit ni Gabriel ang pagbibilin sa mga doktor, hanggang sa napikon ang isa, iyong anaesthesiologist. “Parang ipinapanalangin mo pa yatang magkaroon ng komplikasyon,” pakli nito. Napahiya si Gabriel, at hindi nakasagot.

Parang pinipiga ang puso niya habang naghihintay sa operasyon. Pero iyong pagpiga na naghahalo ang sarap at sakit. Sa mga sandaling umiiyak si Gabriel, kinukuwestiyon niya ang sarili kung dahil ba ito sa takot sa pagkamatay ni Teddy, o dahil sa galit sa sarili, o dahil sa pananabik sa pagtuklas ng katotohanan. Hindi niya matukoy ang sagot.

Nakahinga lang si Gabriel nang maluwag nang lumabas ang isa sa mga doktor, at sabihing tagumpay ang operasyon kay Teddy: naalis na ang nabubulok na panga, at napalitan na ng titanium na may bone graft. Galing sa binti ni Teddy ang butong



likhaan 13 inside pages 102419.indd 135 10/25/2019 2:07:13 PM

ikinabit sa titanium, para maging mas matibay, at mas madaling tanggapin ng katawan. Kailangan lang nilang manatili sa ICU nang ilang araw. Mataas pa kasi ang blood pressure ng kanyang kasintahan. Pababababain muna ito bago sila ilipat sa regular na kuwarto.

Naluha si Gabriel habang nagsasalita ang doktor. Sa sandaling iyon, nabatid niyang gusto pa rin niyang mabuhay si Teddy.

Ilang araw nga silang nanatili sa ICU. Ilang araw ring nanatiling mataas ang blood pressure ni Teddy. Panay ang tawag ni Gabriel sa mga nurse para i-check ang blood pressure ni Teddy, para bigyan ito ng gamot na pampababa ng dugo, at para paulit-ulit na hingan ni Gabriel ng katiyakan na gagaling nga ang kanyang kasintahan. Pare-pareho lang naman ang sagot ng mga nurse, at maging ng mga doktor, sa tuwing dumadalaw ang mga ito: normal ang mataas na blood pressure sa mga bagong opera. May katabaan din daw si Teddy, kaya rin ganoon.

Nakakalma naman si Gabriel sa mga pahayag na ito, at kapag silang dalawa na lang ni Teddy ang nasa kuwarto, pabiro niya itong pinapagalitan tungkol sa timbang, "Magpapayat ka na pagkatapos nito."

Hindi pa makasagot si Teddy, pero nakangiti ang mga mata nito habang nagsusulat sa papel.

Inabot ni Gabriel ang papel, at binasa ang nakasulat. "Sige, magpapapayat ako, basta magpapapayat ka rin." Natawa siya, at saka pasimpleng ipinaling ang mukha palayo kay Teddy. Pinigil niya ang pagbagsak ng mga luhang biglang nagsampahan sa gilid ng mata. Namumuhi siya sa sarili: ano bang kabaliwan ang nagtulak sa kanya para makahanap ng lugod sa posibilidad ng pagiging buhay na bangkay ni Teddy? Heto at puno pa rin ng pag-asa ang kanyang kasintahan.

Pero tila pinaglaruan si Gabriel ng tadhana. Sa halip na makabuti ang pananatili sa ICU, lalo lamang nanghina ang immune system ni Teddy. Nahawa ito ng pneumonia sa isa sa mga pasyenteng naroon. Dumagdag pa ito sa problema ni Teddy sa blood pressure.

Hanggang sumapit ang araw na sabay kinatatakutan at inaabangan ni Gabriel. Bigla na lang siyang kinalabit ng panay-ang-ubong si Teddy. Halos umapaw na sa lalamunan ng kasintahan ang plema mula sa baga. May bumulwak nang plema sa dibdib nito. Tumawag agad ng mga nurse at doktor si Gabriel, at mabilis ang naging hatol: kailangang sipsipin ang plema palabas gamit ang tubo. Isusuot ang tubo sa lalamunan ni Teddy.

Kaya pa ni Teddy ang pamamaraan noong umpisa. Nakahawak lang ang kasintahan sa braso ni Gabriel, habang nakapikit at nakabuka ang bibig. Nagpapaubaya



likhaan 13 inside pages 102419.indd 136 10/25/2019 2:07:13 PM

lang si Teddy sa doktor at nurse na magkatulong na nagsasaksak ng metal na tubo sa kanyang lalamunan. Pero nang dumilat si Teddy at nakita na may kasamang dugo ang kanyang plema, pumalag ito, at kinagat ang metal na tubo.

"Nasasaktan siya, teka lang ho," pakiusap ni Gabriel sa mga doktor at nurse. Sigurado na siya noon, gusto niyang mabuhay si Teddy. Hindi ito puwedeng mamatay. Anong zombie? Anong pagmamahal na lampas sa kamatayan? Likot lang ng isip ang lahat, mga katarantaduhang naiisip niya dahil ipinanganak siyang hangal.

"Mas masasaktan ho siya kung hindi natin itutuloy ito," sagot ng isang doktor.

"Pigilan ho natin siya," sabi naman ng isang nurse.

Sumunod naman si Gabriel. Diniinan niya ang mga braso ng kasintahan, kahit patuloy itong nanlaban. Umiiwas siya ng tingin kay Teddy habang pinipigilan ito. Natatakot siyang mabakas ng kasintahan sa kanyang mukha ang galit niya sa sarili. Para labanan ang pagnanasang mamatay si Teddy, uulitin sana ni Gabriel ang bilin—hagisan ninyo siya ng pampatulog bago bumalik sa operating room!—pero nakita na niyang sumenyas ang isa sa mga doktor. Isa sa mga nurse ang agad lumapit at may itinurok kay Teddy.

"Teka lang, mahal, teka lang," paulit-ulit na sabi ni Gabriel habang pinipigilan ang mga braso ng kasintahan.

Makalipas ang ilang sandali, kumalma nang bahagya si Teddy, at nahugot na rin ng doktor at nurse ang tubo sa lalamunan nito. Hindi na rin nanlaban si Teddy nang salpakan ng oxygen mask.

Pero nag-angat itong muli ng ulo pagkatapos maramdaman na itinutulak na ang kamang hinihigaan. Nakita ni Gabriel kung paanong namilog ang mga mata ng kanyang kasintahan nang makita nito ang sariling dibdib na tigmak ng dugo at plema. Bumitaw na siya sa kama nang sandaling iyon, dahil nakakasagabal na siya sa pagkilos ng mga nurse at doktor. Pero alam ni Gabriel, nagulat ang kasintahan niya, at inatake na ito sa puso.

Ang unang sumulpot sa isip niya: wala ito sa plano. Hindi ganito ang hiniraya niyang senaryo. Gabi dapat, tahimik ang paligid, walang ibang tunog maliban sa mga makinang bumubuhay sa mga pasyente, at ang panaka-nakang kaluskos ng mga kapwa niya bantay. Pero narito na, sumapit na sa dulo, at wala nang plano-plano, dahil wala na siyang ibang magagawa, kundi tuparin ang kanyang pangako.

Sinalya ni Teddy ang mga doktor at nurse na nakaharang. Sinaklot niya ang magkabilang kanto ng ulunan ng kama, at saka buong lakas na itinulak ito, habang tumatakbo sa pasilyo ng ospital, papunta sa labas.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 137 10/25/2019 2:07:13 PM